PAGPAPABERDE SA SCARBOROUGH
Isyu Blg. 3 - Marso 2004

Higit pang pagpugay sa mga mamamayan ng Scarborough!
Maligayang bati sa mga mamamayan ng Scarborough! Pinatunayan ninyong kayo'y mga tagapagtanggol ng kapaligiran. Mahigit 90 porsyento sa inyo ang lumalahok ngayon sa Programa ng Berdeng Sisidlan at nakatulong sa pag-aalis at paglipat ng mahigit 2,200 tonelada ng organikong materyal mula sa tambakan. Sa halip, ang materyal na ito ay ginagawang mainam at mayamang pataba para sa agrikultura at pagpapaganda ng kapaligiran.

Ang inyong paglahok ay naging lubos na mahalaga mula nang sarhan ang tambakang pag-aari ng Pamahalaang Lungsod sa Keele Valley noong ika-31 ng Disyembre 2002. Dinadala ngayon ang lahat ng ating basura sa Michigan - bagay na nagdulot ng pagtaas ng ating gastos sa pagtatapon ng basura mula $12 bawat tonelada sa $52 bawat tonelada. Dahil sa epektibo ninyong paggamit ng berdeng sisidlan, nabawasan sa 65 na trak na lamang ang pumupunta sa Michigan buwan-buwan. Magandang balita ito para sa ating kapaligiran.

Maraming salamat sa inyong pagsuporta sa Programa ng Berdeng Sisidlan!

Inilatag ng Scarborough at Etobicoke ang daan para sa iba pang lugar ng Toronto
Batay sa tagumpay ng Scarborough at Etobicoke sa Programa ng Berdeng Sisidlan, pagugulungin na ito ng Pamahalaang Lungsod sa buong Toronto. Sa pagpapatupad nito sa York at East York sa Oktubre 2004 – dagdag na itong 210,000 tahanan. Susunod ang North York sa Fall ng 2005.

Babala tungkol sa mga Plastik! Kailangan namin ang inyong tulong!
Habang tama lang na lagyan ng plastik bag ang isa sa inyong mga sisidlan, hindi naman tama na *isama* ang inyong mga plastik bag ng tinapay, pambaon at iba pang plastik na pambalot. Ang sobrang plastik ay nagdudulot ng malubhang mga problema sa planta kung saan ito pinoproseso.

Mangyaring alisin ang mga organikong materyal mula sa lalagyan nitong plastik bago itapon sa sisidlan (halimbawa: alisin ang tutong ng sandwich mula sa bag). Ang mga mekanismo sa plantang nagpoproseso ng organikong materyal ay may kakayanang idinisenyo para alisin ang mga bag na plastik na ipinapaligid ninyo sa loob ng sisdlan – hindi ang mga ibinasurang plastik na lalagyan o pambalot.

Ang punto: hindi mabuti ang plastik para sa huling produkto. Pinahahalagahan at pinasasalamatan namin ang inyong tulong sa pagbubuo ng malinis at mayamang pataba.

Ang paggamit ng plastik upang makontrol ang "kadiri-diring dumi"
Inyong makokontrol ang kadiri-diring dumi sa pamamagitan ng paggamit ng mga plastik bag sa paligid at loob ng inyong sisidlan ng basura sa kusina (di na kailangan ng ispesyal na bag … ang inyong mga gamit ng grocery bag ay sapat na) o ng inyong berdeng sisidlan. Hindi ninyo kailangang paligiran ang dalawang sisidlan. Sa pamamagitan ng paglagay ng plastik sa inyong basurahan sa kusina, di na ninyo kailangang hawakan ng dalawang beses ang mga organikong materyal. Alisin lamang ang plastik na bag sa inyong basurahan sa kusina at itapon sa inyong berdeng sisdlan sa labas – mas mainam kung nakabuhol o nakatali nang maluwag, dahil nakakatulong ito sa paghiwalay ng plastik mula sa mga organikong materyal sa planta.

Isa pang bentahe sa paggamit ng plastik bag para paligiran ang loob ng inyong sisdlan sa kusina o ang inyong sisdlang berde: naiiwasan ang pagyeyelo ng mga organikong materyal sa gilid ng sisidlan kung Winter. Kung magyelo ito, mahihirapan ang mga kolektor na itambak ang mga organikong materyal sa trak.

Pakiusap po: iwasan ang pabigat o pampabali sa katawan/likod
Ang isang sisidlan o bag na tumitimbang na higit 20 kilo (44 lbs) ay hindi kukunin ng mga kolektor. Gumamit ng malinaw na plastik bag para sa sobrang materyal – hindi maraming maliliit kundi isang malaking bag lang po – at mangyaring ilagay ito sa labas sa tabi ng inyong berdeng sisisdlan. Inirerekomenda naming gumamit kayo nitong bag na ito para sa sobrang materyal na hindi pagkain o kinainan (halimbawa: mga disposable na lampin o dumi ng hayop) dahil hindi ito makakaakit sa mga hayop. Maaari din kayong bumili ng bagong berdeng sisidlang panlabas sa halagang $15 ($4 para sa panloob na basurahang pangkusina). Tingnan ang detalye sa seksyong "*Paano palitan ang inyong berdeng sisidlan*."

Paano palitan ang inyong berdeng sisidlan
Kung ang inyong berdeng sisidlan ay mabiyak o mawasak, dalhin ito sa *transfer station* at papalitan ito ng Pamahalaang Lungsod nang walang bayad (ganun din sa inyong mga kahong pang-recycle). Mangyaring tumawag sa 416 338-2010 para sa karagdagang impormasyon. Para sa kapalit na sisidlan, o kung nais ninyong bumili ng bago o ikalawang sisidlan, pumunta sa:

Scarborough Transfer Station
1 Transfer Place
(north ng Markham Road, left sa Nugget Avenue)
Martes to Biyernes: 6:00 a.m. to 5:30 p.m.
Sabado: 6:30 a.m. to 12:30 p.m.

Ganito ang takbo ng proseso

1. Ang inyong organikong materyal ay kokolektahin sa tabi ng lansangan ng trak na nangongolekta nito at dadalhin sa *Dufferin Organics Processing Facility.*
2. Iniinspeksyon ng mga nagpapatakbo nito ang mga organikong materyal at inaalis ang malalaking di kanais-nais na mga bagay.
3. Isang *hydropulper* (tulad ng isang malaking *mixer*) ang tutunaw sa mga organikong materyal.
4. Isang prosesong biyolohikal na tinatawag na *anaerobic digestion* ang muling nagbubuo sa materyal para maging solido ito at magamit bilang malinis na pataba sa lupa.
5. Ito'y dinadalang muli ng trak sa ibang lugar kung saan ito ginagawang pataba. Ang yaring pataba ay maaaring gamitin para sa pagpapaganada ng kapaligiran, sa agrikultura at iba pa.

Listahan ng mga maaari / di maaaring materyal
Sa berdeng sisidlan …

- Mga tirá o basurang mula sa prutas at gulay
- Mga buto ng karne, tinik ng isda, at iba pang tirá o dumí mula sa mga ito
- Mga labí o kalat mula sa *pasta*, tinapay at *cereal*
- Kalat o dumí mula sa mga produkto ng gatas; balat ng itlog
- Kalat mula sa kape na giniling, *filter,* at mga *bag* ng tsaa
- Mga gamít na *paper towel* at *tissue*

- Mga gamít na pambalot o pinaglagyan ng pagkain – kahon ng ice cream, supot ng asukal at harina
- Mga ginamit na papel na inuman o plato
- Dumí o tirá na *cake, cookies* at kendi
- Tira o dumi mula sa mga *baking ingredient, spices at herbs* at iba pang panluto
- Dumí mula sa mga tanim/paso na pambahay, kasama na ang lupa
- Mga gamít na lampin, at itinapon na mga produktong pantiyak sa kalinisan o kalusugan tulad ng *toilet paper*, pasador para sa mga babae, atbp.
- Dumí at kalat ng mga hayop (hal., mula sa mga hawla ng ibon, hamster, atbp.)
- Pagkain ng hayop

<u>Mangyaring huwag isama ang sumusunod na mga bagay … (hindi nalulusaw ang mga ito at di maaaring gawing pataba):</u>

- Mga plastik na balutan, bag at lalagyan ng sandwich
- Plastik na lalagyan ng pagkain (hal., basyo ng yogurt o margarine), plastik na kubyertos
- Plastik na bag ng gatas
- *Styrofoam, meat tray liners*
- Palara
- Wax paper
- Artipisyal na mga bulaklak
- *Leather* (balat), tela, damit
- Mga *rug, carpet*
- Sigarilyo at tabako
- Tapon (mula sa bote ng alak, atbp.)
- Gum
- Mga panlinis ng tainga, bulak, pantanggal ng *make-up*
- *Baby wipes*
- Mga panlampaso ng sahig *o disposable mop sheets*
- *Dryer lint, dryer sheets*
- *Vacuum bags* at laman nito
- Mga balahibo
- Buhok ng alagang hayop
- Patay na hayop
- Abo mula sa *fireplace* o BBQ
- Mga pinagtabasan ng kahoy

MGA TANONG? KAILANGAN PO BA NG DAGDAG NA IMPORMASYON?

Kung kayo'y may mga tanong tungkol sa Programa ng Berdeng Sisidlan, mangyaring tumawag lamang sa *Customer Service* sa 416-338-2010 o tingnan ang aming *web site* sa www.toronto.ca/greenbin.